

Ulat ng Kaalaman sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Baitang 6

Ang mga mag-aaral ay tinatasa batay sa kanilang nagawang kakayahan, pamaraan, at kaisipan sa antas na baitang na nakasaad sa ipinatutupad na mga pamantayan ng California.

Ang mga marka sa baba't panahon ng pag-ulat ay tumutukoy sa pagsulong ng mag-aaral tungo sa mga inaasahan.

Ang Magagawa sa English Language Arts

Pagbasa:

Panitikan

- Gumagamit ng karunungan sa mga elemento ng panitikan (pakikitungo/pagsagot/pag-udyok ng tauhan, tema), balangkas ng salaysay (ipinaliliwanag papaanong ang maraming yugto, tagpuan, o mga talata ay nagkakasiya lahat upang magkaloob ng pangkalahatang balangkas), wikang panitikan (matalinghagang wika), gawa ng maykatha (pananaw ng nagsasalaysay) upang mag-isip, magsalita, at magsulat tungkol sa katibayang batay sa kahulugan ng mga talata.
- Naghahambing at sumasalungat ng tema/paksa na ginagamit ang talata sa magkakaibang anyo at uri. or genres.
- Nagbabasa ng maraming masalimuot na mga talata/format nang nag-iisa at buong husay kabilang ang nga kuwento, drama, at tula.

Talatang Nagbibigay-Kaalaman

- Gumagamit ng karunungan sa mga katangian ng talatang nagbibigay-kaalaman (grapiya, pamagat, captions), organizational structures (yugto, tagpo, taludtod), at gawa ng maykatha (pananaw, layunin) upang mag-isip, magsalita, at sumulat tungkol sa batay sa katibayang kahulugan ng mga talata.
- Nagbabasa ng maraming masalimuot na mga talata/format nang nag-iisa at buong husay kabilang ang history/social studies, science, digital, at mga talatang teknikal.

Pagsulat: Pira-pirasong Kuro-kuro, mga Talatang Nagbibigay-alam/Nagpapaliwanag, at mga Salaysayin

- Sumusulat ng maayos, mahusay, at may katuwirang mga talata na nararapat sa gawain, layunin, at tagapakinig.
- Bumubuo at nagpapalakas sa pagsulat sa pamamagitan ng pagplano/pagsaliksik, pagbabago, pagpalit, at paglathala sa paggamit ng mga kasangkapang digital nang may kakayahan.

Pagsalita at Pakikinig

- Naghahanda para at sumasali sa pinagtutulungang pag-uusap upang palawakin at gumawa ng kahulugan ng mga talata, kaisipan, at kaalaman ng tagpuan at ang maraming magkakasama.
- Gumagamit ng mga salita ng buong husay at nararapat nang bigyang kahulugan ang mga kaalaman at unawain ang ipinaglalaman at iginigiit ng tagapagsalita.
- Gumagamit ng mga salita ng buong husay at nararapat upang ihanda at ipaabot ang isang nagbibigay-alam at nagpapaliwanag na pagpapahayag na kabilang ang mga kabahaginan ng multimedia.

Wika

- Gumagamit na nararapat sa baitang na balarilang Standard English (mga panghalip na subjective/objective/possessive), mga pamantayan (tamang tuldok, pagbaybay), mga galaw ng sining (magkakaibang balangkas ng pangungusap, magkakaparehong tuno at estilo) at wikang pinag-aralan upang suportahan ang pagbasa, pagsulat, at pagsalita

Ang Magagawa sa Mathematics

Kaugnayan ng Panumbasan (Ratio) at Kasukat (Proportion)

- Nauunawaan ang konsepto ng panumbasan at halaga ng isa at gumagamit ng nararapat na wikang pinag-aralan.
- Gumagamit ng panumbasan at halaga ng pangangatuwiran sa paglutas ng mga problema; gumagawa ng tables of equivalent ratios: lumulutas ng mga problema ng unit rate; naghahanap ng percent of a quantity na katumbas baba't 100; gumagamit ng panumbasang pangangatuwiran sa pagpalit ng measurement units.

Ang Sistemang Numero

- Nagbibigay-kahulugan, nagko-compute at lumulutas ng word problems na kinapapalooban ng division of fractions by fractions.
- Mahusay na nagdi-divide ng multi-digit numbers.
- Mahusay na nagdaragdag, nagbabawas, nagmu-multiply at nagdi-divide ng decimals.
- Naghahanap ng greatest common factor ng two whole numbers kulang sa o kapareho ng 100 at ang least common multiple ng dalawang whole numbers kulang sa o kapareho ng 12.
- Nauunawaan ang isang rational number bilang point sa number line at ang sagisag ng numero ay nagbibigay ng lugar bilang paggalang sa 0.
- Nauunawaan ang ordering at absolute value of rational numbers.
- Nagdaragdag at nagbabawas ng rational numbers: ginagamit sa addition at subtraction sa number line.
- Lumulutas ng tunay sa mundo at problemang mathematics sa graphing sa lahat ng apat na quadrants, kasama ang paghanap ng distansiya sa pagitan ng puntos

Pagpapahayag at Equations

- Sumusulat at tumatasa ng numerical expressions na kinapapalooban ng whole-number exponents.
- Nagsusulat, nagbabasa at nagtatasa ng maraming expressions, kinikilala ang mga parte ng isang expression sa paggamit ng mga salitang mathematics.
- Gumagamit ng mga katangian ng pagsasagawa upang magkaroon ng equivalent expressions at kinikilala na ang dalawang expressions ay pareho.
- Lumulutas ng mga problema ng tunay na mundo sa pagsulat at paglutas ng isang-hakbang na equations (paggamit ng variable) at sa pagsagot ng tanong.
- Sumusulat ng hindi pagkakapareho ng anyo na $x > c$ or $x < c$ upang ipakita ang limitado o ang kalagayan ng isang problema.

Geometry

- Hinahanap ang lawak ng right triangles, ibang triangles, special quadrilaterals at polygons sa pagbuo o pagbuwag at ilapat sa kalagayan; maghanap ng laki ng right rectangular prism na may fractional edge lengths pareho sa paggamit ng unit fractions at o sa formula.
- Gumuguhit ng polygons sa ibinigay na coordinate plane, gumagamit ng kanilang coordinates upang hanapin ang haba ng gilid gayundin ang ibang hugis geometric.
- Nagpapakita ng three-dimensional figures sa paggamit ng nets na binubuo ng rectangles at triangles at gumagamit ng nets upang hanapin ang lawak ng ibabaw.
- Alam na ang formula ng lawak at circumference ng bilog at ginagamit ang mga ito sa paglutas ng problema.

Estatistika at Maaaring Magkataon

- Kinikilala ang mga estatistikang tanong ang isa sa mga inaasahang mababago ang datos at pananagutan dito sa mga kasagutan.
- Naglalahad ng numerical data sa plots ng number line, kabilang ang dot plots, histograms, at box plots.
- Binubuod ang numerical data sets: iniuulat ang numerong namasid; naglalarawan ng kalagayan ng katangian sa pagsisiyasat, kabilang kung papaanong sinukat, kabilang ang pagdisplay ng data, center, spread, at pangkalahatang hugis.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugalian sa Mathematics

1. Gumagawa ng kaisipang mga problemang pangungusap at sinisikap na lutasin ang mga ito.
2. Pinag-iisipan at mahusiran na nangangatuwiran.
3. Gumagawa ng makatuwirang pagtatalunan at binabatikos ang katuwiran ng kapuwa.
4. Bumubuo ng huwaran sa mathematics.
5. Gumagamit ng nararapat na kasangkapan sa tamang pamaraan.
6. Nakikinig sa tama.
7. Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
8. Naghahanap at nagpapahayag ng karaniwang inuulit na pangangatuwiran.

Ang Magagawa sa History/Social Science

- Naglalarawan kung ano ang kilala sa pamamagitan ng pag-aaral sa archaeological ng unang physical and cultural development ng sangkatauhan mula sa Paleolithic era hanggang sa kapanahunang agrikultura.
- Sinusuri ang geographic, political, economic, religious, at panalipunang balangkas ng unang kapanahunan ng Mesopotamia, Egypt, Kush, Ancient Hebrews, Ancient Greece, at India.
- Sinusuri ang geographic, political, economic, religious, at panlipunang balangkas ng unang kapanahunan ng China.
- Sinusuri ang geographic, political, economic, religious, at panlipunang balangkas noong binubuo ang Roma.

Ang Magagawa sa Agham (Science)

Physical Sciences

- Alam na ang init ay dumadaloy sa mga bagay na maligamgam papunta sa mga bagay na malamig hanggang sa ang lahat ng bagay ay magkapareho ng temperatura.
- Alam na ang pag-init at paglamig sa loob ng Lupa, ang kaniyang himpapawid at mga dagat ay dahilan sa lakas ng init buhat sa Araw.

Life Sciences

- Nauunawaan na ang enerhiya ay naililipat sa mga bagay na buhay at sa pagitan ng mga bagay na buhay at kanilang kapaligiran.
- Alam na ang mga makabuluhang bagay sa Lupa ay magkakaiba ng dami, kung saan sila matatagpuan, at ang panahong sila ay nabuo.

Earth Sciences

- Alam ang paggalaw ng plato (malahiganteng bahagi ng pinakaibabaw ng Lupa) nagiging dahilan ng bulkan, lindol at pagbabago ng anyo ng lupa
- Nauunawaan ang mga natural na paggalaw ng kalikasan (pagdaloy ng tubig) at mga pangyayari (lindol, bulkan, landslide, at baha) ang humuhugis sa Lupa.

Ang 8 Pamantayan ng Kaugaliang Science and Engineering (na nakabalangkas sa Next Generation Science Standards) sa bawa't antas na baitang:

1. Nagtatanong (sa agham) at nagbibigay kahulugan sa mga problema (sa engineering).
2. Bumubuo at gumagamit ng mga modelo.
3. Bumabalangkas at nagsasagawa ng pagsisiyasat.
4. Sumusuri at nagbibigay-kahulugan ng datos.
5. Gumagamit ng kaisipang mathematics at nagko-compute.
6. Gumagawa ng pagpapaliwanag (sa agham) at bumabanghay ng mga kalutasan (sa engineering).
7. Sumasali sa pagtatalo mula sa katibayan.
8. Nagkakaroon, tumatasa, at nakikipag-ugnayan ng kalaman.

Ang Magagawa sa Visual and Performing Arts

Sayaw, Tugtog, Teatro, Mga Sining sa Paningin

- Sayaw: Lumilikha, nagpapamalas ng choreography na may pahayag, kontrol, pagtutok, at husay.
- Tugtog: Bumabasa, sumusulat, nagpapamalas, at binabago sa paggamit ng nararapat na nota ng musika.
- Teatro: Sumusulat, gumagawa, nagpapamalas ng skrip, binibigyang kahulugan ang talata sa pamamagitan ng mga tagaganap
- Mga Sining sa Paningin: Gumagamit ng mga elemento at prinsipiyo sa paglikha ng metapora sa paningin.

Ang Magagawa sa Physical Education

Paggalaw at mga Huwaran

- Nagpapamalas ng maayos na anyo ng pagkilos, paggalaw, at indayog.
- Nakikilala at ipinaliliwanag; hakbang sa pagsayaw, maindayog na kilos, mga stratehiyang hindi nananakit.

Physical Fitness

- Tinatasa ang sariling kalusugan kaugnay sa pangangatawan at binubuo ang sariling mga adhikain sa bawa't gawaing pang-kalusugan.
- Sinusuri ang mga kinakain at ang kabutihan sa pangangatawan.
- Binubuo ang isang-araw ng pagpapalano sa pangangatawan sa paggamit ng prinsipyong FITT.

Ang Magagawa sa Kalusugan

- Pagbuo ng karunungan sa kalusugan sa pamamagitan: pagtanggap ng pansariling responsibilidad para sa panghabang-buhay na kalusugan; paggalang para at pagtaguyod sa kalusugan ng kapuwa; ang pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad; kaalamang paggamit ng mga kaalaman, produkto at paglilingkod na may kinalaman sa kalusugan.

Para sa English Learners: English Language Development (ELD)

- Umaasa ang mga English learners na maging marunong sa wikang English. Ang mga mag-aaral ay inaasahang sumulong ng isang antas ng karunungan sa wikang English bawa't taon. Ang mga antas ng karunungan sa wikang English ay nakasaad sa California ELD Standards.
- Ang Expected Overall Proficiency Level (OPL) ay tumutukoy sa pinakamababang inaasahan sa mag-aaral sa pangkalahatang English language proficiency sa *katapusan ng kasalukuyang taon*, at batay sa unang antas ng karunungan sa wikang English ng mag-aaral sa pagpasok sa distrito.
- Isinulat na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa isinulat na pahayag ng mag-aaral (isinulat sa wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Binigkas na pahayag: Ang antas ng karunungan sa English ay batay sa binigkas ng mag-aaral (pagsalita ng wika) – *para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat*.
- Ang pagsulong ay makikita sa paghahambing ng Isinulat at Binigkas na Pahayag para sa kasalukuyang panahon ng pag-ulat hanggang sa katapusan ng taong inaasahang OPL.